

Nagiging madalas ang pagkakaroon ng lindol at ito ay nararanasang gaya ng kalamidad sa buong mundo. Nagbabala ang mga eksperto na may aktibong default sa 2 bayan at 2 syudad..

LINDOL

Anim na mga paalala para maging handa kung sakaling magkaroon ng lindol.

Ang malaking lindol ng Hanshin, lindol sa Chuetsu-Niigata, at maaring ang susunod na lindol ay dito mismo sa south Kanto district

Una **Protektuhan ang sarili at pamilya.**

Kung naramdaman ninyong may lindol at ito ay mahina lamang, manatili sa kinalalagyan at antaying lumipas

Pangatlo **Siguraduhing nakabukas ang ilang bintana at pintuan**

Sa emerhensyang kagaya ng malakas na lindol siguraduhing may malalabasan kayo Ang pintuan ay maaring ma-dislocate at masira.

Pang-lima **Iwasang tumigil sa gate o mga pader na gawa sa bloke**

Kung kayo ay nasa labas at lumindol, lumayo sa mga pader na gawa sa sementong bloke at mga delikadong makina na maaring matumba at kayo ay madaganan..

Kalimitan mga maliliit na bata ang nagiging biktima sa ganitong aksidente.

Pangalawa **Patayin ang gaas o apoy ASAP.**

Kung may malakas na lindol isara at patayin ang kagamitang maaring pagsimulan ng apoy o sunog Ugaliing patayin ang mga kagamitang ito o kaya ang circuit breaker kahit na mahina ang lindol.

Pang-apat **Iwasang patakabong lumabas**

Pagkatapos tumigil ng lindol maingat na lumabas habang tinitingnang maigi ang mga bagay sa paligid na maaring makapinsala kagaya ng sirang bintana sirang bubong o basag na mga bagay..

Pang-anim **Alamin ang tamang impormason at maging kalmado.**

Huwag maging padalos dalos pag di sigurado.

Alamin ang tamang impormasyon sa radio, telebisyon o sa fire department, o kaya sa munisipyo.

Mas maiging alam ninyo ang malapit na refuge center o silungan na mapupuntahan ninyo at ng inyong pamilya.



Advisory center para sa mga banyaga

Kung kayo ay may problema o alalahanin at wala kayong kakilala na mahihingan ng tulong o payo ang Advisory Center para sa mga banyagang residente ng FICEC, representatibo ng mga bayan ng Fujimishi, Kamifukuokashi, Oimachi, at Miyoshimachi, ay handang tumulong at magbigay payo sa inyong mga alalahanin. Huwag mag-atubiling kumunnsulta. Mabibigyan din naming kayo ng pansamantalang matutuluyan . Libre ang pagpapayo. Tumawag lamang sa

0 4 9 2 5 3 7 7 4 4

Hindi na kailangang tingnan ang keyboard. PC Typing Class

Ang “Touch typing” ay isang paraan ng pag-input ng mga letra at simbolo sa watching display ng computer sa halip na gamitin ang keyboard. Maaring gamitin ang 10 daliri kagaya ng pagtugtog ng instrumento habang nilalagay ang mga letra sa watching display.

Saan : Fujimino International Cultural Exchange Center Bayad: ¥ 4,000 (Libre para sa mga banyagang residente) Kailan: Tuwing Linggo (4 na beses) sa Marso, 10:00~12:00 am

Digital Camera Club Bukas na! Matutong kumuha ng litrato at mag-print

Usung-uso ngayon ang paggamit ng digital camera subalit hindi gaanong madali ang paggamit nito kung di pa kayo sanay. Kung nais ninyong matuto ng mas epektibong paggamit nito halina’t sumali sa aming club. Matuto tayo ng tamang pagkuha ng litrato, pag-compile at pag print ng mga litrato.

Saan: Fujimino International Cultural Exchange Center Bayad: ¥ 1,000 (¥500 pag miembro) sa isang lesson Kailan: Pangalawang Linggo ng buwan, 10:00~12:00 am (simula sa Marso)



🌸🌸 Manood tayo ng cherry-blossoms!

Halina at matuto ng Nihonggo habang pinapanood ang cherry-blossoms

🌸 Kailan: March 31st (Huwebes) 10am ~

🌸 Magtitipon sa: FICEC

🌸 Lugar: Benten-no-mori park (kanselado pag umulan , klase sa FICEC)

🌸 Bayad: ¥ 500 (para sa tanghalian)



Halina! magkuwentuhan at magkasayahan! Ang bagong tatag na “Hanaro” ay pagsasama-sama ng mga banyagang residente

Ang “HANARO” ay salitang koreano na ang ibig sabihin ay pagkakaisa.

Tayo nang magkuwentuhan, magbalitaan at magpalitan ng mga impormasyon lalo na tungkol sa pamumuhay dito sa Japan .

Ang “Hanaro” ay gaganapin tuwing ikatlong Lunes ng buwan mula ala una ng hapon.

Kung kayo ay interesado at nais sumali sa pagtitipon magtungo lamang

Kailan: March 31st (Lunes) 13:00~15:00

Saan: FICEC